Aplikasyon ng Makrong Kasanayan sa Filipino at ang Epekto Nito sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral

Trisha Mae R. Ramilo-Babadilla
Philippine Christian University
Manila, Philippines

Abstract

Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang pagsasanay sa makrong kasanayan sa Filipino at ang epekto nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang. Ginamit ang deskriptibo sa pananaliksik sa pangangalap ng datos mula sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng talatanungan. Tinalakay ang lawak ng pagsasanay sa makrong kasanayan sa iba't ibang gawain gaya ng indibidwal na proyekto, pananaliksik, at pantanghal na gawain. Lumabas sa resulta na lubhang mahalaga ang integrasyon ng pakikinig, pagbasa, pagsulat, pagsasalita, at panonood sa mga gawaing pampagkatuto. Natukoy din na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng lawak ng pagsasanay sa makrong kasanayan at marka ng mga mag-aaral, partikular sa gawaing indibidwal at pananaliksik. Napatunayan na ang pantanghal na gawain ay nakapag-aambag din ngunit mas mababa ang antas ng impluwensya. Iminumungkahi ang pagpapatupad ng mga interbensyong pedagogikal upang higit na mapalakas ang makrong kasanayan tungo sa mas mataas na akademikong pagganap.

This research aims to examine the practice of macro-skills in the Filipino language and its impact on the academic performance of Grade 9 students. A descriptive research design was employed to gather data from students through questionnaires. The study explored the extent to which macro-skills are practiced across various activities, such as individual projects, research tasks, and performance-based activities. The results indicate that the integration of listening, reading, writing, speaking, and viewing into learning activities is highly significant. Furthermore, a meaningful correlation was identified between the extent of macro-skill practice and students' grades, particularly in relation to individual projects and research tasks. While performance-based activities also contribute to academic performance, their level of influence is comparatively lower. It is recommended that pedagogical interventions be implemented to further strengthen macro-skills, thereby fostering higher academic achievement.

Keywords: Makrong Kasanayan, Pagsulat, Pagbasa, Pakikinig, Pagsasalita (Macro Skills: Writing, Reading, Listening, Speaking)